**STANFORD MEDICINE**

**ABISO SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY**

*Petsa ng Pagiging Epektibo: Pebrero 16, 2026*

**INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN O IHAYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAKAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING MAINGAT ITONG SURIIN.**

## ANG AMING PANATA KAUGNAY NG IYONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Nakatuon ang Stanford Medicine sa pagprotekta sa privacy ng impormasyon sa kalusugan na binubuo o natatanggap namin tungkol sa iyo. Kabilang sa impormasyon sa kalusugan na tumutukoy sa iyo ("pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan," o "impormasyon sa kalusugan") ang iyong mga medikal na rekord at iba pang impormasyon kaugnay ng iyong pangangalaga o pagbabayad para sa pangangalaga.

Iniaatas sa amin ng batas na:

- Tiyaking pinapanatiling pribado ang iyong impormasyon sa kalusugan (nang may mga partikular na eksepsiyon);
- Bigyan ka ng Abisong ito ng aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy alinsunod sa impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo; at
- Sundin ang mga tuntunin ng Abisong kasalukuyang pinatutupad.

## KANINO NALALAPAT ANG ABISONG ITO?

Inilalarawan ng Abisong ito ang mga kasanayan sa privacy ng mga sumusunod na entidad ng Stanford Medicine kabilang ang: Stanford Health Care, Lucile Salter Packard Children's Hospital sa Stanford, Stanford Health Care Tri-Valley, University Healthcare Alliance (Stanford Medicine Partners), Packard Children's Health Alliance, ang Stanford Blood Center, at mga propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan, empleyado, boluntaryo, nagsasanay, mag-aaral, at miyembro ng lakas-paggawa ng mga entidad na nakalista sa itaas at anumang kaugnay na entidad kapag naghatid sila sa iyo ng mga serbisyo sa anumang site o lokasyon ng nasabing mga entidad.

Sa loob ng Abisong ito, inilalarawan ang pagbanggit sa "Stanford Medicine" at sa "kami," "amin" at "namin" bilang pagtukoy sa lahat ng entidad at mga miyembro nito ng lakas-paggawa na nakalista sa itaas.

## PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG IMPORMASYON SA KALUSUGAN TUNGKOL SA IYO

Inilalarawan ng mga sumusunod na seksyon ang iba't ibang paraan kung paano namin karaniwang ginagamit at inihahayag ang iyong impormasyon sa kalusugan:

### PARA SA PAGGAGAMOT

Maaari naming gamitin ang impormasyon sa kalusugan para magbigay sa iyo ng medikal na paggagamot o mga serbisyo. Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga

doktor, residente, nars, technician, medikal na mag-aaral, o iba pang tauhan ng Stanford Medicine na kasama sa iyong pangangalaga. Halimbawa, maaaring kailanganing alamin ng provider na gumagamot sa iyo para sa isang kondisyon kung ano ang mga gamot na iniinom mo para suriin ang mga panganib kaugnay ng mga reaksyon ng gamot. Maaari ding ibahagi ng iba't ibang departamento ng Stanford Medicine ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para ayusin ang mga serbisyong kailangan mo, gaya ng parmasya, pagsusuri sa laboratoryo at mga x-ray.

Maaari din naming ihayag ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga provider na hindi nauugnay sa Stanford Medicine para pangasiwaan ang pangangalaga o paggagamot na ibibigay nila sa iyo. Halimbawa, maaari naming ihayag ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iyong personal na doktor para sa layunin ng pagsasaayos ng pangangalaga. Bukod pa rito, maaari naming ibigay ang access sa iyong impormasyon sa kalusugan sa mga kaugnay na entidad at lokasyon, pati na ang mga kaugnay na grupo ng provider para sa layunin ng pagsasaayos ng pangangalaga.

**PARA SA PAGBABAYAD**

Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong impormasyon sa kalusugan para magsingil at tumanggap ng bayad para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay namin o ng iba sa iyo. Kasama rito ang mga paggamit at paghahayag para magsumite ng impormasyon sa kalusugan at tumanggap ng bayad mula sa iyong insurer ng kalusugan, HMO, o iba pang partido na nagbabayad ng bahagya o lahat ng iyong pangangalagang pangkalusugan (payor) o i-verify na babayaran ng payor ang iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari ding sabihin namin sa iyong payor ang tungkol sa paggagamot na tatanggapin mo para matukoy kung babayaran ng iyong payor ang paggagamot. Para sa mga partikular na serbisyo, kung kailanganin ang iyong pahintulot para ilabas ang impormasyon sa kalusugan para makuha ang bayad, hihilingin sa iyo ang pahintulot.

**PARA SA MGA OPERASYON SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN**

Maaaring gamitin at ihayag namin ang impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin ng operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang mga operasyon na mahalaga para patakbuhin ang Stanford Medicine o tiyakin na nakakatanggap ang lahat ng pasyente ng de kalidad na pangangalaga at kinabibilangan din ito ng maraming panuportang operasyon gaya ng mga appointment o pag-iskedyul ng procedure. Maaari din naming ibahagi ang iyong impormasyon sa mga kaugnay na provider ng pangangalagang pangkalusugan para maaari silang katuwang na magsagawa ng mga partikular na operasyon sa negosyo kasama ang Stanford Medicine. Maaari naming pagsamahin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa maraming pasyente para pagpasyahan, halimbawa, kung aling mga karagdagang serbisyo ang dapat ialok ng Stanford Medicine, aling mga serbisyo ang hindi kailangan, at kung mabisa ba ang ilang partikular na bagong paggagamot. Maaaring ibahagi namin sa mga doktor, residente, nars, technician, medikal na mag-aaral, klerk at iba pang tauhan ang impormasyon para sa layunin ng pagtiyak sa kalidad at layuning pang-edukasyon. Maaari ding ihambing namin ang impormasyon sa kalusugan na mayroon kami sa impormasyon mula sa iba pang organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan para makita kung saan ang maaari naming pahusayin sa pangangalaga at mga serbisyong inaalok namin.

## IBA PANG PARAAN NA BINABAHAGI NAMIN ANG IYONG IMPORMASYON sa KALUSUGAN

Pinapahintulutan kami o iniaatas sa amin ng batas na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iba pang paraan – karaniwan sa mga paraang makakatulong sa publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Kinakailangan naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin ibahagi ang iyong impormasyon para sa mga dahilang ito.

### MGA KASOSYO SA NEGOSYO

Nakikipagkontrata ang Stanford Medicine sa mga entidad sa labas, na tinatawag na mga kasosyo sa negosyo, na nagsasagawa ng mga serbisyo sa negosyo para sa amin, gaya ng mga kumpanya sa pagsingil, mga tagapayo sa pamamahala, mga tagasuri ng katiyakan ng kalidad, accountant, o abogado. Sa mga partikular na sitwasyon, maaaring kailanganin naming ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa kasosyo sa negosyo para makasagawa ito ng serbisyo sa ngalan namin. Magkakaroon kami ng nakasulat na kontrata sa kasosyo sa negosyo na nag-aatas ng proteksyon sa privacy at seguridad ng iyong impormasyon sa kalusugan.

### MGA PAALALA NG APPOINTMENT AT IBA PANG PAKIKIPAG-UGNAYAN

Maaari naming gamitin at ihayag ang impormasyon sa kalusugan para makipag-ugnayan sa iyo bilang paalala na mayroon kang appointment para sa pangangalaga sa Stanford Medicine o para magbigay ng iba pang mensaheng nagbibigay-impormasyon para sa layunin ng karaniwang pagpapaalala (hal., availability ng bakuna sa trangkaso), na maaaring kinabibilangan ng iyong pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong pangangalaga gaya ng lokasyon ng appointment, departamento, petsa at oras, maliban kung abisuhan mo kaming itigil ito. Makikipag-ugnayan kami gamit ang impormasyon (gaya ng numero ng telepono at email address) na ibibigay mo.

### MGA PAGPAPALITAN NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Nakakatulong ang elektronikong pagpapalitan ng impormasyon sa kalusugan na matiyak ang mas mahusay na pangangalaga at pag-aayos ng pangangalaga. Maaaring lumahok ang Stanford Medicine sa isa o higit pang palitan ng impormasyon sa kalusugan (HIE) kung saan ang mga provider sa labas na nangangailangan ng impormasyon para gamutin ka ay pinapayagang magkaroon ng access sa iyong impormasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng secure na palitan ng impormasyon sa kalusugan. Kasalukuyan kaming lumalahok sa mga HIE na nakalista rito: www.epic.com/CareEverywhere/.

Kung ayaw mong ibahagi ng Stanford Medicine ang iyong impormasyon sa isang HIE, maaari kang mag-opt out sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form sa pag-opt out na makikita rito at pagsumite nito sa Health Information Management Services (HIMS) department na nakalista sa form. Para sa mga tanong, makipag-ugnayan sa HIMS sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan na makikita sa dulo ng Abisong ito at sa form. Sasang-ayon ang Stanford Medicine sa iyong kahilingan sa pag-opt out ayon sa pangangailangan na sumunod sa mga batas na nalalapat sa amin. Pinipigilan ng pag-opt out na ibahagi ng Stanford Medicine ang iyong impormasyon sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng HIE; hindi nito mapipigilan ang iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na ibahagi ang iyong impormasyon sa Stanford Medicine, at hindi nito pinipigilan ang provider ng pangangalagang

pangkalusugan na nakatanggap na ng iyong impormasyon na itago ito. Para pigilan ang iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na ibahagi ang iyong impormasyon sa Stanford Medicine, kakailanganin mong direktang makipag-ugnayan sa mga provider na iyon. Kung mag-o-opt out ka, maaari mong piliing ituloy ang paglahok sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na kahilingan sa HIMS.

**MGA ALTERNATIBO SA PAGGAGAMOT**

Maaari naming gamitin at ihayag ang impormasyon sa kalusugan para sabihin sa iyo ang tungkol sa o magrekomenda ng posibleng opsyon o alternatibo sa paggagamot na maaaring pagkainteresan mo.

**MGA BENEPISYO AT SERBISYO NA NAUUGNAY SA KALUSUGAN**

Maaari naming gamitin at ihayag ang impormasyon sa kalusugan para sabihin sa iyo ang tungkol sa mga benepisyo o serbisyo na nauugnay sa kalusugan na maaaring pagkainteresan mo.

**DIRECTORY NG OSPITAL AT KINASASAPIANG RELIHIYON**

Maaaring isama namin ang iyong pangalan at iyong lokasyon (pero hindi ang partikular na impormasyon sa kalusugan) sa Directory ng Pasyente ng ospital habang tumatanggap ka ng pang-inpatient na pangangalaga. Ginagawa naming available ang impormasyong ito para maaaring makipag-ugnayan o bumisita sa iyo ang mga indibidwal na hinahanap ka sa pamamagitan ng iyong pangalan. May karapatan kang mag-opt out sa directory ng pasyente. Maaari din kaming magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong kinasasapiang relihiyon sa mga miyembro ng clergy na nagtatrabaho sa aming Spiritual Care Services Office, maliban kung partikular na hiniling mong hindi namin ito gawin.

**MGA INDIBIDWAL NA KASAMA SA IYONG PANGANGALAGA**

Maaari kaming maglabas ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa isang kapamilya o kaibigan na kasama sa iyong medikal na pangangalaga. Maaari din kaming magbigay ng impormasyon sa sinumang tumutulong na bayaran ang iyong pangangalaga. Maliban kung may partikular na nakasulat na kahilingan na ginawa at pinagkasunduan ng Office of Compliance and Privacy mula sa iyo, maaaring mag-abiso rin kami ng kapamilya, personal na kinatawan o isa pang taong responsable para sa iyong pangangalaga patungkol sa iyong lokasyon at pangkalahatang kondisyon. Hindi ito nalalapat sa mga pasyenteng tumatanggap ng paggagamot para sa mga partikular na kondisyon, gaya ng pag-aabuso sa ipinagbabawal na gamot/alak.

**MGA PAGSUSUMIKAP PARA SA PAGBANGON NG MGA NASALANTA NG UNOS**

Maaaring ihayag namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa isang organisasyong tumutulong sa pagsusumikap para sa pagbangon ng mga nasalanta ng unos (gaya ng Red Cross) para maabisuhan ang iba pa tungkol sa iyong kondisyon, katayuan at lokasyon.

**MGA AKTIBIDAD SA PAGLIKOM NG PONDO**

Alinsunod sa mga nalalapat na pang-estado at pederal na batas, maaari kaming magbigay ng limitadong impormasyon gaya ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, pangalan ng provider, at mga petsa ng pangangalaga sa Lucile Packard Foundation for Children's Health o sa Stanford University Office of

Medical Development para magsagawa ng mga aktibidad sa paglikom ng pondo para sa pagpapahusay ng pangangalaga at pananaliksik sa ngalan ng Medical Center. Maaari kang mag-opt out sa pagtanggap ng impormasyon sa paglikom ng pondo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

**Lucile Packard Foundation for Children's Health**

400 Hamilton Avenue, Suite 340

Palo Alto, CA 94301

(650) 461-9800

**Stanford University Office of Medical Center Development**

485 Broadway, 4th Floor, MC5470

Redwood City, CA 94063

(650) 725-2504

**PANANALIKSIK**

Bilang bahagi ng akademikong medical center, ang Stanford Medicine ay may aktibong programa sa pananaliksik. Halimbawa, tuloy-tuloy ang pananaliksik para pahusayin ang pangangalaga, para suriin ang mga procedure sa pananaliksik para gumamot ng mga kondisyon, para ihambing ang kalusugan ng mga pasyente na tumanggap ng isang gamot sa mga tumanggap ng isa pang gamot para sa parehong kondisyon, at para matuto mula sa mga pag-aaral ng medikal na rekord. Sa pangkalahatan, humihiling kami sa iyo ng nakasulat na pahintulot bago gamitin ang iyong impormasyon sa kalusugan o ibahagi ito sa iba para manaliksik. Sa ilalim ng mga limitadong sitwasyon, maaaring gamitin at ihayag namin ang iyong impormasyon sa kalusugan nang wala ang iyong pahintulot. Sa karamihan ng mga sitwasyong ito sa huli, dapat kaming sumunod sa batas at kumuha ng pag-apruba sa pamamagitan ng hiwalay na proseso ng pagsusuri para matiyak na ang isinasagawang pananaliksik na wala ang iyong pahintulot ay nagdudulot ng minimal na panganib sa iyong privacy. Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga mananaliksik kung interesado o kwalipikado ka na lumahok sa isang pag-aaral. Maaari lang silang makipag-ugnayan sa iyo kung may pag-apruba silang gawin ito sa ilalim ng espesyal na proseso ng pagsusuri.

**PARA MAIWASAN ANG ISANG MALUBHANG PANGANIB SA KALUSUGAN O KALIGTASAN**

Maaari naming gamitin at ihayag ang partikular na impormasyon tungkol sa iyo kapag kinakailangan para maiwasan ang isang malubhang panganib sa iyong kalusugan at kaligtasan o sa kalusugan at kaligtasan ng iba. Gayunpaman, ang anumang paghayag ay para lang sa taong maaaring makapigil o makatugon sa panganib, gaya ng tagapagpatupad ng batas, o potensyal na biktima. Halimbawa, maaaring kailanganin namin ihayag ang impormasyon sa tagapagpatupad ng batas kapag lumabas na kalahok ang pasyente sa isang marahas na krimen.

## KABAYARAN DAHIL SA PAGKAKASAKIT NG MANGGAGAWA

Maaaring maglabas kami ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa kabayaran dahil sa pagkakasakit ng manggagawa o parehong programa alinsunod sa pinapayagan o iniaatas ng batas. Nagbibigay ang mga programang ito ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na nauugnay sa trabaho.

## MGA AKTIBIDAD SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN

Maaari kaming maghayag ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa mga pampublikong aktibidad sa kalusugan. Kabilang pero hindi limitado sa mga aktibidad na ito ang sumusunod:

- Para iwasan o kontrolin ang sakit (gaya ng kanser at tuberculosis), pinsala o kapansanan;
- Para mag-ulat ng mga pagkapanganak at pagkamatay;
- Para mag-ulat ng mga pinaghihinalaang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan
- Para mag-ulat ng mga reaksyon o pagsubaybay kaugnay ng mga gamot o problema sa mga produkto;
- Para abisuhan ka sa isang pagbawi, pagkukumpuni, o pagpapalit ng mga produkto na maaaring ginagamit mo;
- Para abisuhan ang isang tao na maaaring nalantad sa isang sakit o nanganganib na makuha o magpakalat ng sakit o kondisyon;
- Para iulat ang lahat ng pang-inpatient na pag-admit, pagbisita sa departamento ng emergency at mga operasyon sa parehong araw sa Office of Statewide Health Planning and Development ng California; at
- Para abisuhan ang mga naaangkop na registry ng estado, gaya ng Northern California Cancer Center o ng California Emergency Medical Services Authority, kapag nagpagamot sa Stanford Medicine para sa mga partikular na sakit o kondisyon. Para magbigay ng limitadong impormasyon sa iyong employer para sa legal na iniaatas na pag-uulat ng malubhang pagkapinsala o pagkamatay ng isang empleyado na nangyari sa lugar ng trabaho.
- Para magbigay ng limitadong impormasyon sa iyong employer para sa legal na iniaatas na pag-uulat kaugnay ng medikal na pagsubaybay ng lugar ng trabaho o sakit o pinsalang nauugnay sa trabaho, kabilang ang pag-iwas at pagkontrol sa nakakahawang sakit.

## MGA AKTIBIDAD SA PANGANGASIWA NG KALUSUGAN

Maaaring maghayag kami ng impormasyon sa kalusugan sa isang ahensya sa pangangasiwa ng kalusugan, gaya ng California Department of Public Health o ng Center for Medicare and Medicaid Services, para sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng batas. Kabilang sa mga aktibidad sa pangangasiwa na ito ang mga pag-audit, pag-iimbestiga, pag-inspeksyon, at paglilisensya. Mahahalaga ang mga aktibidad na ito para sa pamahalaan para masubaybayan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at pagsunod sa mga batas sa mga karapatang sibil.

## MGA PAGDEDEMANDA AT HINDI PAGKAKASUNDO

Kung kasali ka sa isang demanda o hindi pagkakasundo, maaaring ihayag namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa korte o administratibong utos. Maaari din naming ihayag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang subpoena, legal na may bisang kahilingan ng pamahalaan, o iba pang proseso sa batas ng ibang taong kasali sa hindi pagkakasundo.

**PAGPAPATUPAD NG BATAS**

Ayon sa pinapayagan o iniaatas ng batas, kapag natugunan ang mga partikular na kondisyon, maaaring ilabas namin ang impormasyon sa kalusugan mo sa tagapagpatupad ng batas.

**MGA KORONER, MEDIKAL NA EXAMINER AT MGA DIREKTOR NG PUNERARYA**

Maaaring maglabas kami ng impormasyon sa kalusugan sa isang koroner, medikal na examiner, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal. Maaaring mahalaga ito para matukoy ang namatay na tao o malaman ang dahilan ng pagkamatay.

**PAG-DONATE NG ORGAN AT TISSUE**

Kung isa kang donor ng organ, maaaring ilabas namin ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga organisasyon na nangangasiwa sa pangangalap o pag-transplant ng organ, mata, o tissue, hangga't kinakailangan para pangasiwaan ang pag-donate ng organ o tissue.

**MILITAR AT MGA BETERANO**

Kung isa kang miyembro ng sandatahang lakas, maaari kaming maglabas ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo alinsunod sa iniaatas ng mga awtoridad ng pamumunong militar. Maaari din kaming maglabas ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa tauhan ng militar na taga-ibang bansa sa naaangkop na awtoridad ng militar sa ibang bansa.

**MGA AKTIBIDAD PARA SA PAMBANSANG SEGURIDAD AT PANGANGALAP NG KAALAMAN**

Kapag nakatanggap ng kahilingan, maaari naming ilabas ang impormasyon sa kalusugan sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa pangangalap ng kaalaman, counterintelligence, at iba pang aktibidad para sa pambansang seguridad na awtorisado ng batas.

**MGA BILANGGO**

Kung isa kang bilanggo ng isang institusyon ng pagwawasto o sa ilalim ng pagbabantay ng isang opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaari kaming maglabas ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo sa mga kaugnay na institusyon ng pagwawasto o opisyal ng pagpapatupad ng batas. Maaaring mahalaga ang paglalabas na ito sa institusyon para bigyan ka ng pangangalagang pangkalusugan; para protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng iba pa; o para sa kaligtasan at seguridad ng institusyon ng pagwawasto.

**ALINSUNOD SA INIAATAS NG BATAS**

Maaari din kaming gumamit o maghayag ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo kapag iniaatas na gawin ng mga pederal, pang-estado o lokal na batas na hindi partikular na binanggit sa Abisong ito. Halimbawa, maaari kaming maghayag ng impormasyon sa kalusugan bilang bahagi ng kahilingan ng batas sa isang imbestigasyon ng pamahalaan.

**MGA REKORD NG SAKIT SA PAGGAMIT NG IPINAGBABAWAL NA GAMOT**

Kapag gumawa, nakatanggap, o nagpanatili kami ng anumang impormasyon tungkol sa iyo mula sa isang programa ng paggagamot ng sakit sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot (substance use disorder o SUD) na sinasaklawan ng 42 CFR Bahagi 2 ("Bahagi 2 na programa"), tatanggap ang mga rekord na ito ng karagdagang proteksyon sa privacy, bukod sa umiiral na pang-estado at pederal na proteksyon sa privacy ng pasyente.

Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong mga rekord sa Bahagi 2 na programa, (1) kung iniaatas sa atin ng batas (hal., mga medikal na emergency o mga utos ng korte/subpoena) o (2) kapag natanggap namin ang iyong nakasulat na pahintulot (para sa mga layunin ng paggagamot, pagbabayad, o mga proseso sa pangangalagang pangkalusugan, ayon sa inilalarawan sa abisong ito at alinsunod sa pinapayagan ng batas).

Maaari lang namin gamitin o ibahagi ang iyong mga rekord sa Bahagi 2 na Programa sa sibil, administratibo, kriminal, o lehislatibong paglilitis laban sa iyo nang may utos ng korte, o parehong legal na mandatong nagtutulak sa paghahayag, o nang may nakasulat mong pahintulot.

**IBA PANG PAGGAMIT AT PAGHAHAYAG NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN**

Nalalapat ang mga espesyal na batas sa mga partikular na uri ng impormasyon sa kalusugan na itinuturing na partikular na pribado o sensitibo sa isang pasyente. Kabilang sa sensitibong impormasyong ito ang mga tala sa psychotherapy, sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, mga rekord sa kalusugan ng isip, at impormasyon sa HIV/AIDS. Kapag iniaatas ng batas, hindi namin ibabahagi ang uring ito ng impormasyon nang wala ang iyong nakasulat na pagpayag. Sa mga partikular na sitwasyon, maaaring tumanggap ng karagdagang proteksyon ang impormasyon sa kalusugan ng isang menor de edad.

**MGA SITWASYONG NANGANGAILANGAN NG IYONG PAHINTULOT**

Para sa mga paggamit at paghahayag na hindi karaniwang inilalarawan sa itaas, kailangan naming makuha ang iyong pahintulot. Halimbawa, isasagawa ang mga sumusunod na paggamit at paghahayag kapag may pahintulot mo lang:

- Mga paggamit at paghahayag para sa layunin ng marketing;
- Mga paggamit at paghahayag na maituturing na pagbebenta ng PHI;
- Karamihan sa paggamit at paghahayag ng mga tala sa psychotherapy; at
- Iba pang paggamit at paghahayag na hindi inilalarawan sa Abisong ito

Kung magbibigay ka sa amin ng pahintulot na gamitin o ihayag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo, maaari mong ipawalang-bisa ang pahintulot na iyon, nang nakasulat, kahit kailan. Kung ipapawalang-bisa mo ang iyong pahintulot, hindi na namin kailanman gagamitin o ihahayag ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa mga aktibidad na sinasaklawan ng pahintulot, maliban kung kumilos na kami alinsunod sa iyong pagpayag. Hindi na namin magagawang bawiin ang anumang paghayag na nagawa na namin sa iyong pahintulot, at iniaatas sa amin ang panatilihin ang mga rekord ng impormasyon sa kalusugan.

## ANG MGA KARAPATAN MO KAUGNAY NG IYONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Mayroon ka ng mga sumusunod na karapatan kaugnay ng impormasyon sa kalusugan na maaaring pinapanatili namin tungkol sa iyo:

### KARAPATANG MAGSIYASAT AT MAGKAROON NG KOPYA

May karapatan kang magsiyasat at makakuha ng papel o elektronikong kopya ng impormasyon sa kalusugan na maaaring gamitin para magpasya tungkol sa iyong pangangalaga, nang may ilang partikular na eksepsiyon. Sa karaniwan, kabilang dito ang mga medikal na rekord at rekord sa pagsingil, pero maaaring hindi kasama rito ang ilang impormasyon sa kalusugan ng isip. Nakalaan sa amin ang karapatan na maningil ng makatuwirang bayad na batay sa gastos para saklawin ang gastos sa pagbibigay sa iyo ng mga rekord ng impormasyon sa kalusugan mo. Maaari ka ring humiling na ilabas ang isang kopya ng iyong impormasyon sa kalusugan sa isang ikatlong partidong pinili mo. Dapat ay ginawa ang kahilingang ito nang nakasulat at isinumite sa Health Information Management Services (HIMS) Department na nakalista sa dulo ng seksyong ito.

### KARAPATANG HUMILING NG PAGWAWASTO

Kung naniniwala ka na ang impormasyon sa kalusugan na mayroon ang Stanford Medicine tungkol sa iyo ay mali o hindi kumpleto, maaari mong hilingin sa aming baguhin o idagdag ang higit pang impormasyon para kumpletuhin ang iyong rekord. Dapat ang kahilingan mo ay kasulatang ipinadala sa HIMS Department na nakalista sa dulo ng seksyong ito. Dagdag pa rito, dapat ay magbigay ka ng rason na sumusuporta sa iyong kahilingan. Maaari lang baguhin ng Stanford Medicine ang impormasyon na ginawa namin o ginawa sa ngalan namin. Kung tumpak at kumpleto ang iyong impormasyon sa kalusugan, o kung hindi ginawa ng Stanford Medicine ang impormasyon, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan na baguhin ito. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, sasagot kami sa iyo nang nakasulat at may mga dahilan kung bakit ito ginawa.

Kahit na tanggihan namin ang iyong kahilingan na baguhin ito, may karapatan kang magsumite ng nakasulat na addendum sa HIMS Department. Hindi dapat lumampas ang mga addendum sa 250 salita para sa bawat item o pahayag sa iyong rekord na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o hindi tama.

### KARAPATAN SA ISANG ACCOUNTING NG MGA PAGHAHAYAG

May karapatan kang humiling ng “accounting ng mga paghahayag” na isang listahan ng paglalarawan kung paano namin ibinahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga partido sa labas. Isang listahan ang accounting na ito ng mga paghahayag na ginawa namin sa iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin maliban sa paggagamot, pagbabayad, operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang partikular na layunin na alinsunod sa batas. Maaari kang humiling ng accounting ng mga paghahayag para sa hanggang anim na taon bago ang petsa ng iyong kahilingan. Kung humiling ka ng accounting nang higit sa isang beses sa loob ng panahon na labindalawang buwan, maaaring singilin ka namin ng makatuwirang bayad. Dapat ang kahilingan mo ay kasulatang ipinadala sa HIMS Department na nakalista sa dulo ng seksyong ito.

**KARAPATANG HUMILING NG MGA PAGHIHIGPIT**

May karapatan kang humiling ng mga paghihigpit sa mga partikular na paggamit o paghahayag ng iyong impormasyon sa kalusugan. Halimbawa, maaari mong hilingin na ang iyong pangalan ay hindi ipakita sa Directory ng Pasyente ng ospital habang narito ka bilang isang inpatient. Dapat ay nakasulat ang mga kahilingan para sa paghihigpit na ipapadala sa HIMS Department na nakalista sa dulo ng seksyong ito. Sa karamihan ng mga kaso, hindi kami iniaatas na sumang-ayon sa iyong hiniling na paghihigpit. Gayunpaman, kung sasang-ayon kami, susunod kami sa iyong kahilingan maliban kung ang impormasyon ay kailangan para bigyan ka ng emergency na paggagamot o para sumunod sa batas. Kung hindi kami sasang-ayon sa iyong kahilingan, sasagot kami sa iyo nang nakasulat at may dahilan kung bakit.

Legal kaming inaatasan na tanggapin ang mga partikular na kahilingan na hindi ihayag ang impormasyon sa kalusugan sa iyong planong pangkalusugan para sa mga layunin ng pagbabayad o proseso ng pangangalagang pangkalusugan hangga't nagbabayad ka mula sa sariling bulsa at nang buo at nang maaga sa partikular na serbisyong kasama sa iyong kahilingan. Kung bahagi ang serbisyo o item ng hanay ng mga kaugnay na serbisyo, at gusto mong paghigpitan ang mga paghahayag para sa hanay ng mga serbisyo, kailangan mong magbayad nang buo para sa mga kaugnay na serbisyong ito. Mahalagang humiling at magbayad bago tumanggap ng pangangalaga para magawa naming higit na mapaunlakan ang iyong kahilingan. Susunod kami sa iyong kahilingan maliban kung iba ang iniaatas ng batas.

**KARAPATANG HUMILING NG MGA KUMPIDENSYAL NA PAKIKIPAG-UGNAYAN**

May karapatan kang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa iyong impormasyon sa kalusugan o medikal na alalahanin sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilingin na makipag-ugnayan lang kami sa iyo sa trabaho, sa halip na sa iyong bahay. Hindi ka namin hihingan ng dahilan para sa iyong kahilingan. Kikilos kami para mapaunlakan ang lahat ng makatuwirang kahilingan. Dapat ang kahilingan mo ay kasulatang ipinadala sa HIMS Department na nakalista sa dulo ng seksyong ito at dapat na tukuyin mo kung paano at saan mo gustong makipag-ugnayan kami sa iyo.

**KARAPATANG MAABISUHAN TUNGKOL SA ISANG PAGLABAG**

Nakatuon ang Stanford Medicine na pangalagaan ang iyong impormasyon sa kalusugan at higit na kumikilos ito para maiwasang magkaroon ng mga paglabag sa impormasyon sa kalusugan. Kung magkaroon ng paglabag sa hindi secure na impormasyon sa kalusugan, aabisuhan ka namin alinsunod sa mga naaangkop na pang-estado at pederal na batas.

**KARAPATANG MAGKAROON NG KOPYA NG ABISONG ITO**

Mayroon kang karapatang magkaroon ng kopya ng Abisong ito. Available ito sa mga lugar ng pagrerehistro at sa pamamagitan ng pag-click ng link na “Privacy ng Pasyente” sa ibaba ng aming home page sa internet.

**IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN NG HEALTH INFORMATION MANAGEMENT SERVICES (HIMS) DEPARTMENT:**

Para makatanggap ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng kopya ng iyong impormasyon sa kalusugan o gamitin ang iyong mga karapatan alinsunod sa nasa abisong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Stanford Health Care**

*Lokasyon sa Personal at Mailing Address:*

Health Information Management Services

450 Broadway, PAV-C, Room C14, MC5200

Redwood City, CA 94063

Telepono: (650) 723-5721; Fax: (650) 725-9821

**Stanford Medicine Partners**

Health Information Management Services

Stanford Medicine Partners

7999 Gateway Blvd., Suite 200

Newark, CA 94560

Telepono #: 510-974-8224 Fax: 510-974-8222

**Lucile Salter Packard Children's Hospital sa Stanford / Packard Children's Health Alliance**

*Lokasyon sa Personal at Mailing Address:*

Health Information Management Services

Stanford Medicine Children's Health

4700 Bohannon Drive, MC5900

Menlo Park, CA 94025

Telepono: (650) 497-8334; Fax: (650) 725-8496

**Stanford Health Care Tri-Valley**

*Lokasyon sa Personal at Mailing Address:*

Health Information Management Services

1111 E. Stanley Blvd, Building D

Livermore, CA 94550

Telepono: (925) 373-8019; Fax: (925) 373-4126

## MGA REKLAMO

Kung pakiramdam mo na inilabag ang iyong mga karapatan sa privacy, maaari kang maghain ng nakasulat na reklamo sa aming Corporate Compliance Office sa pamamagitan ng pag-email sa ComplianceOfficerTV@stanfordhealthcare.org, sa pamamagitan ng telepono sa 925-416-3420, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng mail sa Corporate Compliance Office, 4120 Dublin Blvd, Suite 400, Dublin, CA 94568.

Maaari ka ring maghain ng nakasulat na reklamo sa Direktor, ng Office for Civil Rights ng U.S. Department of Health and Human Services. Kapag hiniling, bibigyan ka ng aming Office of Compliance and Privacy ng kasalukuyang address para sa Direktor. Hindi kami maghihiganti laban sa iyo kapag naghain ka ng reklamo.

## MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO

Nakalaan sa amin ang karapatan na baguhin ang aming mga kasanayan sa privacy at i-update ang Abisong ito nang naaayon. Ilalapat ang mga pagbabago sa lahat ng impormasyon sa kalusugan na mayroon na kami tungkol sa iyo, pati na ang anumang impormasyon na matatanggap namin sa hinaharap. Nagpo-post kami ng mga kopya ng kasalukuyang Abiso sa aming mga pasilidad at sa aming mga site sa Internet at available ang mga kopya sa mga lugar ng pagrerehistro. Kapag maraming binago sa Abiso, ipo-post namin ang bagong Abiso sa aming mga lugar ng pagrerehistro at magbibigay kami nito sa iyo kapag hiniling. Naglalaman ang Abiso ng petsa ng pagiging epektibo sa unang pahina.

## MGA TANONG TUNGKOL SA AMING MGA KASANAYAN SA PRIVACY

Pinapahalagahan ng Stanford Medicine ang privacy ng iyong impormasyon sa kalusugan bilang mahalagang bahagi ng pangangalaga na ibinibigay namin sa iyo. Kung may mga tanong ka tungkol sa Abisong ito o sa aming mga kasanayan sa privacy, mangyaring makipag-ugnayan sa Corporate Compliance Office sa pamamagitan ng telepono sa 925-416-3420, sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa ComplianceOfficerTV@stanfordhealthcare.org, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng mail sa Corporate Compliance Office, 4120 Dublin Blvd, Suite 400, Dublin, CA 94568.